

1

It was a beautiful place. Dagat pa lang nakakapag-pagaan na ng pakiramdam.

Slight, kontra ng isipan ni Tanya. Nagkibit-balikat ang dalaga. Parang sinusubukan lang yata niyang kumbinsihin ang sarili. Because no matter how hard she tried to concentrate on her surroundings, nahihirapan pa rin siya.

Focus, Tanya! sita niya sa sarili.

Tumingin siya sa tatlong palapag na hotel a few meters away. It was made of brown-hued bricks, the most relaxing shade. It was enchanting. It looked like an Egyptian castle from the seaside—an excellent contrast.

Good, you're starting to focus, aniya sa sarili na dahilan para mawala uli ang concentration niya.

Damn. Sino ba'ng mag-aakalang magiging ganito kahirap?

Sabi ng kaibigang si Emma, pagdating niya rito, makakalimutan daw niya ang problema. *Duh?* Siguro, kapag nagpakalunod siya sa dagat, posible pa. Dahil

hindi madaling kalimutan ang nangyari.

Hinila niya ang de-gulong na maleta patungo sa direksyon ng hotel. May dalawang linggo siyang libreng accommodation doon. She should be feeling lucky, right?

“It’s perfect!” naalala niyang bulalas ni Emma kahapon lang habang nakahiga siya sa kama nito.

Yesterday was Tanya’s second day in Emma’s condo unit. Naglayas kasi siya sa kanilang bahay. Nahihiya na siya sa kaibigan dahil nadadamay ito sa gulo. Kahapon ay hindi ito pumasok sa clinic dahil gustong ‘damayan’ siya. Emma was a cosmetic surgeon. May sarili itong clinic sa Mandaluyong.

Naupo ito sa kama, malapit sa kanya. “Iyong Concepcion Resort sa Ilocos Norte... I think you need to get away for a week or two. It’s the perfect retreat. Pagbalik mo, tiyak okay ka na uli.” Punitik pa ito sa hangin.

Na para bang sa isang pitik ay maglalaho ang problema niya.

“Ah, gan’on? Makakalimutan ko ang lahat kapag nagpunta ako sa resort na iyon? Ano ’yun, amnesia resort?”

“Gaga! Ibig kong sabihin, makakapag-unwind ka. You’ll look at things the positive way. Malay mo may makilala ka pa doon. And then, mare-realize mo na sinasayang mo ang oras mo sa Brix na iyan at—dyaran! You’ll be back to your old self. Iyong matalino at confident na si Tanya Lazaga, remember her?”

Isinubsob niya ang mukha sa unan. “I can’t think properly, Emma. Teka nga...” Tiningnan niya ito. “Baka nakakalimutan mo na hindi ko maa-afford ang kahit na anong gastos ngayon. I’m flat broke, remember?”

“Huwag kang mag-alala, pauutangin kita para may allowance ka. ”Tapos tatawagan ko si Tito Luther, siya ang may-ari ng resort. Bunsong kapatid iyon ni Mama. Hindi iyon makakaangal sa akin. I’m sure magre-reserve agad iyon ng room para sa iyo.”

“Oh, yeah? Ano’ng sasabihin mo? ‘Hey, pupunta diyan ang friend ko, bigyan n’yo siya ng libreng room kasi wala siyang pera. Paano, sobrang tanga, i-deposit ba naman ultimo iyong huling suweldo niya sa joint account nila ng fiancé niya. Ngayon, hindi niya mahagilap ang magaling na lalaki because he eloped with her younger sister. Be kind to her, ha?’ Gan’on?” puno ng awa sa sariling sabi niya.

Nagkibit-balikat lang si Emma. “That’s an interesting enough story, but totally unnecessary.

Nakaisip na tayo ng panandaliang solusyon. Just grab it, Tanya.”

Concepcion Resort & Hotel...

Nandito siya para mag-relax, hindi para alalahanin ang mga tinatakasang problema. She had two weeks to mend her foolish heart. After that, babalik na siya sa normal na buhay, pangako niya sa sarili.

Start your day with a smile.

So she smiled.

She looked again at the ‘castle’ ahead. Ngayong medyo magaan na ang pakiramdam niya, she could see that the place was really breathtaking. She would not mind staying here for two weeks. In fact, she would willingly live here for a month. Or two. Or three...

Natawa nang mahina ang dalaga.

Dream on. As if she could run away from the truth forever.

Oops, don’t start, saway niya sa sarili.

Muli niyang hinagod ng tingin ang lugar. The artist in Tanya took in the loveliness of every little

detail her eyes could discern.

The waves seemed perfect for surfing. At ang buhangin sa ilalim ng sandals niya, hindi man puting-puti ay pino naman at napakalinis.

No wonder the hotel was already fully booked kahit ngayong buwan ng Enero. Marami na ang nakakadiskubre sa ganda ng resort. All it needed was proper advertisement at di magtatagal ay maikukumpara rin ito sa ibang sikat na resorts sa bansa.

Itinulak niya ang glass door ng hotel at nilapitan ang reservations officer sa likod ng counter.

Nell, the receptionist, told Tanya na ang kuwarto na may adjoining door sa master suite ang inilaan sa kanya. Iyon lang umano ang available. Nell even reassured her na hindi raw magkakaproblema. Kahit may connecting door sa kuwarto niya, Tanya could still enjoy her privacy.

As if magrereklamo siya. Kahit bigyan lang siya nito ng sleeping bag para gamitin sa labas, okay lang sa kanya. At least, hindi siya nangangamba maya't maya na kakatok ang mommy niya, tulad ng nangyari sa condo ni Emma. Ilang beses siyang pinuntahan doon ng ina para kumbinsihin na umuwi.

Parang nabuhay siya nang makita ang silid na inilaan para sa kanya. It was elegantly charming, well-lit and ventilated—she absolutely loved it! Bakit nag-aalala ang receptionist na hindi niya ito magugustuhan? Why, it looked like the master suite itself!

It was on the uppermost level of the building kaya kitang-kita ang view sa labas, kahit iyong sa malayo. The room had a balcony, at agad niya iyong tinungo. Tanaw niya mula sa kinatatayuan ang pigura ng mga surfing enthusiasts na nakikipagbuno sa alon.

She should have brought a pair of telescopes para makapagmasid siya kahit hindi lumabas ng silid. Heaven. This was heaven. Even the fresh air that she was breathing was ideal.

Pumasok uli siya sa silid at tinungo ang kama. Iidlip muna siya sandali bago mag-explore sa labas. According to Nell, imi-meet daw siya ng owner-manager ng hotel na si Luther Concepcion. Hindi nga lang nilinaw kung anong oras. He must be busy right now and Tanya certainly didn't want to be a nuisance.

Nang maalimpungatan siya pagkalipas ng ilang minuto, pakiramdam ng dalaga ay nakapagbawi siya ng lakas. She was ready to go out and learn more about this paradise.

Pupungas-pungas siyang bumangon, and headed for the bathroom to freshen up. Nagawa pa niyang kuhanin mula sa traveling bag ang tuwalya bago tumayo patungo sa banyo. Walang pakundangan niya iyong binuksan.

Wrong.

It was not the bathroom door at all.

Dahil kung banyo niya iyon, wala sana siyang makikitang isa pang kama roon. At sa tabi ng kama ay nakatayo ang isang lalaki na halatang katatapos lang maligo. Marahil narinig nito ang pagbukas ng pinto kaya agad itong lumingon. Under normal circumstances, it might not have mattered that much.

But the man was stark naked. Naked as the day he was born.

Dahan-dahang isinara ni Tanya ang pinto at parang wala sa sariling tinalikuran ang nakita. Nanghihinang napaupo ang dalaga sa kama at tumingin sa kawalan.

Damn!

No, make that a double damn.

Sinapo niya ang mukha. Tanya was unsure how she exactly felt right that moment. She was

embarrassed, shocked. No it was not as simple as that.

She was traumatized!

That hunk—*uhm, man*—totally destroyed her!

Narinig niya ang sunud-sunod bagaman mahinang katok sa pinto, at napaigtad siya sa kinauupuan. Nahirapan siyang magdesisyon kung bubuksan iyon o hindi. But she had to, right?

Nang buksan niya iyon, nabungaran niya ang lalaki. This time, he was wearing a bathrobe. Itinaas niya ang kamay bago pa ito nakapagsalita.

“Sir, if it’s not too much to ask, can we pretend that the incident didn’t happen?” Pang-*Guinness* yata ang bilis ng pagsasalita niya. Tinalo pa niya si *Motor Mouth*.

Pagkatapos ay maingat niyang isinara ang pinto at sumandal doon. She wondered if umalis na ang lalaki sa tapat ng adjoining door. Na-shock din kaya ito tulad niya?

Idinikit niya ang tainga sa pinto. Parang wala na ito sa kabila. Bumalik sa isipan niya ang mukha nito nang pagbuksan niya. He looked angry and vulnerable.

And very handsome.

At ang katawan?

Damn ulit!

Pang-GQ ang built at abs.

And his tan...

Hoy, Tanya! saway niya sa sarili sa tinutungo ng imahinasyon.

For the first time since her foolish love affair, Tanya felt happy and calm. Nag-relax ang mga balikat niya na kanina ay naninigas. Napangiti siya. Pagkatapos ay hindi na niya napigilan ang mapabungisngis. Natatawang tinungo ng dalaga ang isang pinto.

This time, she was sure it was the bathroom door.

She had qualms about going down and strolling around the hotel. Nag-aalala siya. Paano kung nagreklamo pala ang customer na iyon sa management? Sana intindihin na lang nito ang pagkakamali niya. It was not as if sinadya niya iyon. Bakit naman siya mamboboso?

Humugot siya ng malalim na hininga bago tuluyang lumabas ng kuwarto at bumaba. Pagdating na pagdating sa lobby, gusto niyang kumaripas

ng takbo pabalik sa kanyang silid. Dahil hayun at papalapit sa kanya ang mismong lalaki na kanina lamang ay nasaksihan niya in his prized state of undress. At base sa pagkakatingin nito ay wala itong balak iwasan siya.

She was subconsciously counting the people around them. There were seven including the receptionist. Ito ang mga taong makaka-witness sakaling mapahiya siya. Nangi-nginig ang mga tuhod niya.

He was finally in front her.

“Miss Tanya Lazaga?” anito sa boses na buong-buo at puno ng confidence.

I'm done for, she thought.

He must have went out of his way to know her name. It could only mean one thing. Balak nitong ituloy ang sasabi-hin sana kanina nang pangunahan niya ito.

Pilit ang ngiti niya. “Yup. That’s my name.”

Kung puwede lang itong daan-daanan, ginawa na niya. Pero paano siya magpapanggap na hindi niya nakikita ang ganito kalaking tao?

Anyway, wala siyang dapat ipangamba. Hindi

niya sinadya ang nangyari kanina at kaya niya iyong patunayan kung kinakailangan.

“I was supposed to welcome you with a lunch date today. As it turned out, you made sure that our inevitable meeting would be more interesting.”

Itinaas niya ang paningin. Her first thought was that his eyes were to die for. She just wished nagkamali lang siya ng dinig sa sinabi nito. Because it could only mean one thing.

“Please, don’t tell me you’re Luther Concepcion,” she almost begged. She was shaking her head in despair.

“I am Luther Concepcion,” he said unsympathetically.

“Just kill me now.” Pasasalamat pa niya ito.

“No need to go that far.” His smile was sarcastic.

2

Naging sunud-sunuran na lang si Tanya nang ayain ni Luther sa restaurant ng hotel para mag-lunch. He was in total control of the situation. Samantalang hiyang-hiya pa rin siya hanggang ngayon. Prim, proper, clever, and perfect Tanya—hindi siya makapaniwalang mangyayari ang ganito sa kanya.

Nagsimula ang lahat ng kamalasan niya nang sulutin ng kapatid ang kanyang fiancé. Kulang pa ba iyon? Kailangan pa talagang mapahiya siya, at dito pa sa lugar kung saan umaasa siyang maka-recover.

She was going to murder Emma the moment she got back. Isa pa ang bruhang iyon! The woman kept on saying ‘Tito Luther, Tito Luther’. And as stupid as Tanya had been since she met Brix, ang iniisip niyang uncle ni Emma ay lalaking nasa late fifties na. But this man was only in his early thirties, or he could be in her estimate.

Para akong papunta sa execution ko, aniya sa sarili habang papalapit sila sa isang bakanteng mesa.

“I’m not going to bite you,” he said. Marahil ay napansin nitong lukot ang mukha niya. Hinila nito

ang upuan para sa kanya.

Execution chair, her mind continued. She wished he would not act the gentleman. Lalo siyang nanliliit.

I'm beginning to hate him, aniya uli sa sarili at totoong nababanas na. Napansin niyang nag-e-enjoy ang lalaki sa discomfort niya.

“What would you like to order?”

“Impress me,” she replied.

He smiled at her answer, at kinausap ang waiter.

“So, how do you find the place? Okay lang ba?” tanong nito nang makaalis ang waiter.

“Your politeness is killing me.”

He smiled and shrugged.

“Okay.” Itinaas niya ang mga kamay na tila kriminal na sumusuko. “It was wrong of me to ask you na basta na lang kalimutan ang nangyari. Ni hindi ako nag-apologize. Truth is, nawala sa isip kong may adjoining door nga pala ang silid na ginagamit ko. Nang makita ko iyong pinto, akala ko bathroom door iyon. Sorry talaga.” Ewan niya kung bakit ang sama-sama sa loob niya na humingi ng paumanhin.

“Hindi kasi talaga iyon ipinapagamit kaya naging careless din ako. It’s actually our fault dahil hindi kaagad nalagyan ng lock. Pero pinatingnan ko na para maayos.”

They were both silent for a moment. Pagkuwa’y hindi na niya napigilan ang curiosity.

“Ilang taon ka na?”

“Thirty-two.” Tumango ito. “I know what you’re thinking. Akala mo matanda na ang tito ni Emma. Ako ang bunso sa pitong magkakapatid, si Ate Leah na mommy ni Emma ang panganay. Maaga siyang nag-asawa kaya nasa pre-school pa lang yata ako nang ipanganak si Emma.”

“She should have told me,” kunot-noong sabi niya.

“Ano’ng diperensya kung sinabi niya na nasa thirties lang ang tito niya?”

Nagkibit-balikat siya. “Then I would have made myself scarce bago pa tayo nagkita uli. Iisipin ko na posibleng ikaw ang uncle na sinasabi niya. Ang nangyari...” Namula na siya at hindi na naituloy ang sinasabi.

Sa unang pagkakataon, ngumiti ito nang totoo

sa kanya. His dimples showed. At bakit nanlalambot ang mga tuhod niya?

Dammit!

Okay na nasa early thirties ang tito ni Emma. Ang kaso, ang guwapo nito! It was just so unfair.

“At saan ka naman pupunta? Emma told me to have pity on her penniless friend who is running from something na hindi niya raw puwedeng i-reveal sa akin dahil baka patayin mo siya,” walang kaabog-abog na saad nito.

“Now that you mentioned it, iyon talaga ang plano kong gawin pagbalik na pagbalik ko. She promised not to say anything at all!” pinamumulahan ng mukhang sabi niya. Gusto niyang lumabi at mapaiyak sa hiya.

Luther chuckled. “It’s no big deal, really. It just means that Emma cares for you a lot. She may be tactless, but she means well.” At ang mga mata ng lalaki ay tila nagsasabing wala siyang dapat ikahiya sa sitwasyon. Na naiintindihan nito ang kalagayan niya.

“I know.” Malungkot ang ngiti niya.

“Hindi ko lang mapigilang ma-curious.”

Nagtaas siya ng kilay. “Don’t even go there.”

“Are you running from a heartache?”

“Hello? I just met you, hindi mo naman siguro iniisip na isisiwalat ko na lang basta ang istorya ng buhay ko sa ’yo, ano? Kahit pa ikaw ang host ko na nagbibigay ng libreng accomodation sa akin,” she said saccharinely.

Nagkibit-balikat ito. “Okay, let’s start anew. Ano’ng masasabi mo tungkol sa lugar?”

Thank goodness he changed the topic. Pero hindi ibig sabihin ay komportable na siya.

“It’s incredible,” she said sincerely. Tingin niya ay tuwang-tuwa ito sa narinig. Pumasok ang kapilyahan sa utak niya. “What did you expect me to say? Ano pa ba’ng mahihiling ko, libre ang accommodation ko, siyempre puro positive ang sasabihin ko. And while we’re at it, may I have another room—one that is not adjoined to yours?”

“Sure. Pag may nag-check out bukas.” Nakakaloko ang ngiti nito. “But you have to pay for it.”

Napangiwi siya.

Natawa ito. “I told you, I already took care of the adjoining door. You won’t be venturing where

you're not wanted ever again." At hayun uli ang nakakalokong ngiti nito.

Nagngalit ang kanyang mga ngipin. She had never been in a more frustrating situation since high school. Um-attend siya noon ng birthday party ng dating boyfriend. Everybody in school knew na going steady sila ni Arjay. But when his affluent parents jokingly asked kung sino sa mga bisita ang nobya ng anak, sinabi ni Arjay na wala itong girlfriend!

She felt the same way this moment. Gusto niyang magpasabog ng granada!

"Go ahead, make fun of me." Inirapan niya ito.

Tila lalo itong natuwa sa obvious na discomfort niya.

"Masyado kang seryoso. We can't change what happened. Let's do as you suggested and forget about it. Baka mamaya ma-stroke ka d'yan. Bata ka pa naman."

Forget about it gayong kaharap niya ito ngayon? Paano niya gagawin iyon? When everytime she looked at him ay gustong maglikot ng mga mata niya sa ibang parte ng katawan nito.

Buti na lang at noon dumating ang in-order nito.

Sigurado siya na masarap ang pagkain. Uneasy lang siya kaya hindi makakain nang maayos.

“Hey, eat up. Para may lakas ka mamaya kapag namasyal tayo.”

“Alam mo, hindi mo ako kailangang ipasyal dito. Hindi naman siguro ako mawawala.”

“Let’s just say I like the thought of me making you uncomfortable.” He smiled.

Umismid siya. She dreaded the promised tour.

Walking along the beach with Luther was not as bad as Tanya thought. Ikinuwento ng lalaki na pag-aari na ng pamilya nito ang lugar na iyon mula pa noong bata ito. Dahil lahat ng kapatid nito ay nasa America na, ito lang ang nagkainteres gawing commercial ang pag-aari ng pamilya.

The resort had been open for five years at nakikilala na ng marami. Nang mag-click, agad sinundan iyon ni Luther ng isa pang property sa Pangasinan.

“So, you’re an architect. Did you design the hotel?”

Tumango lang ito.

“Na-impress talaga ako noong una ko pa lang makita. Then habang papalapit ako, lalo akong napahanga.”

He seemed pleased by the compliment. “The idea was to put the Sahara and Bahamas together.”

“I thought it was an Egyptian castle. It’s perfect for couples. Napaka-romantic. Hindi kataka-takang parang lovers lahat ang nakita ko sa resto kanina.”

“Too bad hindi mo isinama ang boyfriend mo.”

“Okay. Para matahimik ka na, wala akong boyfriend.”

“That’s unbelievable. Sa ganda mong ’yan?”

“I didn’t say I never had one.” Hindi niya pinansin ang comment nito na maganda siya. “I had a fiancé a week ago.”

“And you broke the engagement?”

Tumawa siya nang pagak. How she wished ganoon ang nangyari. Sana hindi ganitong nasa talampakan ang pride niya. Sana hindi siya nagmumukhang kahiya-hiya. Hindi niya sinagot ang tanong nito.

“I really appreciate the time you’ve spent with me. I’m sure marami ka pang dapat inaasikaso.” Tumulikod na siya pabalik sa hotel.

Napakunot-noo na sinundan ni Luther ng tingin ang dalaga. He wanted to say something but thought better of it. He had better mind his own business. But looking at her slumped shoulders made him feel... sad.

She wanted to scream the place down. Bakit kasi napaka-unfair ng buhay? Pang-telenovela ang sitwasyon niya. Hindi naman siya feeling bida. Pero bida ang laging ganoon ang papel, hindi ba? Api. Kawawa. Talunan.

Nang sabihin niya sa mga magulang na nagtanan ang nakababatang kapatid na si Cynthia at ang fiancé niyang si Brix, shocked ang mga ito. Pero hindi niya inakalang agad-agad ay lalambot ang puso ng mommy niya.

“At least, maaga nilang na-realize ang nararamdaman nila. Hindi nila pinaabot kung kailan kasal ka na... pagbigyan mo na ang kapatid mo. Siguro hindi talaga kayo para sa isa’t isa ni Brix.”

She was expecting their support. Pero iyon

ang narinig niya. Nagtataka pa siya? Alam na niya noon pa na si Cynthia talaga ang paboritong anak sa pamilya. Nakukuha nito ang lahat ng gusto.

But that was not the reason why she felt the need to scream blue murder right now. Kababasa lang kasi niya ng mensahe galing sa ina. Umuwi raw siya para tumulong sa paghahanda sa kasal. A week ago, she was planning for her wedding. Nang maglayas siya, tanan pa lang ang issue. Ngayon, kasal na.

Tatalon ba siya sa rooftop o magpapakalunod sa dagat? Well, she would end up dead either way. Ma-diyaryo kaya siya? *Babae, Di Nakasal, Nagpakamatay!* Pagkatapos machichismis lahat ng detalye ng buhay niya.

Pathetic.

She laughed. Hindi dahil nakakatawa. Akala niya kasi gagaan ang pakiramdam niya kapag ginawa niya iyon. Hindi rin pala. Didn't her feelings matter at all?

Brix was one of her supervisors sa factory ng RTW kung saan accountant siya. They had known each other for two years bago naging sila.

They got engaged eight months ago. Nitong

nakaraang buwan lang nagkakilala sina Brix at Cynthia. Umuwi ang huli galing Baguio kung saan ito nagtatrabaho. Her younger sister had been spoiled mula pagkabata, kaya self-centered ito. She didn't make friends easily. Kaya nga natuwa si Tanya na vibes ito at ang nobyo niya.

Ayos lang sa kanya kahit madalas ay mean si Cynthia. After all, bunso ito. Inisip niya na kapag nag-mature ito ay magbabago rin. But Cynthia was already twenty-four now. She ought to know right from wrong. Right bang agawin ang nobyo niya? Okay, so hindi niya ibinubunton dito lahat ng kasalanan. Brix was just as responsible.

They were planning their wedding. They were saving all their money. All of it. Para sa kanilang kasal at para sa pagsisimula nila ng bagong pamilya. They had gone house-hunting. May napili na silang bahay na bibilhin. They were supposed to marry four months from now. At pupunta sila ng Hong Kong para sa honeymoon.

Ngayon, it was Brix and Cynthia. At next month na ang kasal ng dalawa. Siya ang kakatulungin sa paghahanda habang inuuna ng mga ito ang honeymoon sa Baguio.

Napatawa uli siya nang pagak. Ang organisado

niyang buhay ay biglang gumuho.

She looked at the champagne bottle na ipinatong sa bedside table kaninang nag-unpack siya. She had put it in an ice bucket. Naalala niya ang panghihinayang ni Emma when she told her about Brix and Cynthia. Asar na ipinakita ng kaibigan ang bote sa kanya.

“So, ano na ang gagawin ko dito? I bought this in Paris last month para sana sa kasal n’yo!” May dinaluhan itong convention ng mga cosmetic surgeons sa France.

She grabbed the bottle from Emma at isinilid iyon sa bag. “It’s mine, then.”

She stared at the bottle with a sad smile on her lips. Champagne didn’t fit her present state.

But, what the hell!

She started on the bubbly while trying to make sense of the *Wipe Out* show sa flat screen TV. Paano niya pagtatawanan ang iba gayong mas katawatawa siya?

Miserable fool, tuya niya sa sarili.

Sumungaw ang luha sa gilid ng kanyang mga mata.

She heard a knock on the adjoining door. She groaned. Pagkuwa’y pinilit niyang tumayo para tunguhin ang pinto. With the champagne bottle still in hand, she opened the door. Patalikod na sana ang lalaking kumakatok doon dahil sa pagkainip. Lumington ito at ngumiti.

“I was just going to check kung okay na sa iyo ang lock sa—” Napatingin ito sa hawak niya. “Champagne?”

She smiled. “You’re just in time.” Tumalikod siya at alanganing sumunod ang lalaki.

“What’s the occasion?”

Naupo siya sa kama at tumungga sa bote. She knew she looked pathetic. Tanya had no idea that she looked sinfully seductive.

“My sister’s wedding,” she croaked. Itinaas niya ang bote.

Hinila ng lalaki ang single-seater couch at naupo sa tapat niya.

“In that case,” kinuha nito ang bote, “best wishes to your sister.” Tumungga rin ito ng champagne.

“Yes. And congratulations to my ex-fiancé.” Then she laughed wretchedly.

Halos maibuga ng lalaki ang laman ng bibig. Pero nagawa nitong pigilin ang sarili at pilit iyong nilulon.

“Yes.” Tumango ito nang mabakante ang bibig. “And to hell with them both.”

This time, totoo na ang tawa ni Tanya. Moments later, they were laughing and drinking together. Pero maya't maya ay natitigilan siya at napapatingin sa guwapong kaharap.

3

She was drunk. And the spirit of the wine loosened her tongue, making her say what was on her mind.

“Do you think I’m beautiful?” she asked seriously.

Namumungay na ang mga mata ng dalaga sa tama ng nainom nito. Natigilan si Luther at nagtangkang ngumiti.

“I think you’re drunk.”

“Answer me, damn you.” Tumayo ito at dinuro sa dibdib ang lalaki.

“You are,” he replied, itinaas pa ang mga kamay tanda ng pagsuko.

“Prove it.” Inilapit nito ang katawan sa kanya.

Halos umurong ang couch sa tangkang pag-atras ni Luther. Tanya’s face fell and she sat on the bed again.

“Liar,” mapait na sabi nito. “If you think I’m beautiful, sana man lang nagpakita ka ng attraction sa ’kin, di ba?”

Luther was not sure how to deal with the

situation. Alam niyang lasing lang ang dalaga. And some part of her was rebelling at the thought of her ex-fiancé and sister together. She was doing this to let out some of the pain. Pero alam din ng binata na gaano man kalaki ang pagnanais ni Tanya na magwala, hindi nito iyon gagawin if she was sober.

“Okay. What proof do you want?” he dared.

She leaned forward again. Ipinatong nito ang isang kamay sa hita niya.

“Kiss me and make me feel loved,” she whispered with a smile.

He groaned in despair. Parang kinuryente ang buong katawan niya sa simpleng dampi ng kamay nito. Tumingala siya.

“God, I’m sorry, but she’s asking for it,” he pleaded, as if asking the heavens for permission.

She laughed.

Hindi na siya nag-isip. He refused to think properly because he might find the courage to leave her and he was not sure he could like that.

Marahan niyang hinawakan ang batok ng babae para suportahan iyon. Pagkuwa’y dahan-dahang inilapat ang labi sa mga labi nito. Her lips were soft

and sweet. And he went on kissing her passionately. Tila nag-apoy ang paligid sa init na pareho nilang naramdaman. Itinulak siya nito.

“I should tell you to stop,” she said huskily. Nanlalaki ang mga mata nito sa sensasyong nararamdaman.

“Don’t,” he whispered on her lips, and kissed her hard.

She was responding hotly to his kisses. Ipinikit niya ang mga mata para namnamin ang halik nito. She had been kissed before, pero hindi niya alam na may halik pala na nakakapagpanginig ng mga tuhod. Naramdaman niya ang isa pang braso nito na pumalibot sa kanya. He was helping her lie down on the soft bed.

Moments later, his lips were on her neck. At ang mga kamay nito ay malaya nang naglalakbay sa ibang bahagi ng kanyang katawan.

Napaungol siya. Tumigil sa paggalaw ang mga kamay ni Luther at inilayo nito ang ulo mula sa kanya.

He groaned. “I should stop.”

“Don’t,” Tanya whispered hoarsely. She clung to

him.

Natawa ito ngunit pinilit inilayo ang katawan. He pushed her away. Gently. But firmly.

“If I don’t stop right now, you’ll hate me for the rest of your life.”

“I already do.” Inirapan niya ito. Gumitna siya sa kama.

His face was comical. He just saved her virtue and she was angry at him. Hindi ito makapaniwala sa babae.

“Kumain ka na ba?” tanong nito.

She laughed.

“Ano’ng nakakatawa?” Nag-aalala na si Luther sa guest nila.

“Ikaw. Ano ngayon kung kumain na ako? That’s just absurd. What, you want me to cry? Tapos na ’ko.” Pero lungkot ang rumehistro sa kanyang mukha.

Tumayo ang lalaki. “Uhm, I’ve got plenty of food stuff in my fridge, including ice cream. I’ll be back and we’ll watch some silly movies and laugh together. What do you say?”

“Binilinan ka ba ni Emma na magpakabait sa

akin kaya mo ginagawa ito?”

“Nope.” He smiled sheepishly.

“Then, bakit gusto mo pa akong samahan matapos kong i-compromise ang dignidad mo?” tanong niya.

He chuckled. “Honestly? I was hoping you’ll be sober in an hour or two, and if you still want us to proceed, then I’d be very willing to continue where we left off.”

Napailing siya. “You’re crazier than I am.”

“Just give me a minute.”

Luther returned to the room exactly a minute later. Pero mahimbing na ang dalaga sa kama. Tinitigan nito si Tanya pagkuwa’y ibinaba ang mga dala para ayusin ang babae sa pagkakahiga. He pulled the covers up to her waist.

He looked at the sleeping beauty. She had stains of tears on her lovely face. Nakaramdam ng pamimigat sa dibdib si Luther sa halu-halong emosyong naramdaman. Awa? He felt the need to protect her from pain.

Napatingala ito.

Damn. What had Emma gotten him into?

Nagising si Tanya na masakit ang ulo. Ang unang namulatan niya ay ang chocolates at sari-saring chichiria sa katabing mesita. Bits and pieces of last night's events came back to her mind. Lalong sumakit ang ulo niya. She prayed na sana ay panaginip lang ang mga naaalala niya.

But the empty champagne bottle was enough evidence.

Damn! She had managed to ruin her life within twenty-four hours. Una, binosohan niya ang host. Then, she literally threw herself at him.

“Do you think I’m beautiful?”

Did she actually say that?

Nasapo niya ang mukha. What had gotten into her? Hindi niya yata masisisi ang alak. No, it could only be the work of the devil.

A devil called Luther? her mind quipped.

Ganoon ba talaga ito ka-guwapo para ma-attract siya nang husto? Enough to seduce him?

She suddenly got up. Kailangan niyang umalis dito. Hindi na niya kayang harapin ang kahihiyang

ito. She closed her eyes and took a deep breath.

Relax, Girl, this is the last part of your nightmare. Gising na. Mas makabubuting umuwi ka na at harapin ang problema kesa lalo mong sinisira ang buhay mo habang nagtatago.

Ilang minuto lang ay naihagis na niya sa loob ng suitcase ang kalahati ng dalang mga damit. She was so engrossed with her packing na hindi niya namalayan ang pagbubukas ng pinto.

“Going somewhere?”

Napalingson ang dalaga sa adjoining door. He was leaning there, seryoso ang mukha.

“Akala ko hindi na natin gagamitin ang pintong iyan?” nagawa niyang sabihin pagkalunok ng laway.

“After last night?” he said sarcastically. “Come on, circumstances have changed, I believe.”

Pakiramdam niya ay sasabog ang ulo niya sa biglang pagtaas ng dugo. Kahit hindi nakikita, alam niyang pulang-pula ang kanyang mukha.

He laughed and moved closer.

“Hey, I was just kidding.” Iwinagayway nito ang kamay sa harapan niya.

Sinapo ni Tanya ang mukha at napaupo sa kama.

“Hindi nakakatawa.”

Naupo ito sa tabi niya. “Kung seseryosohin mo ito, baka tuluyan kang magkasakit sa puso.”

“Sinabi ko ba sa iyo kagabi na iniwan ako ng fiancé ko at nagtanan sila ng kapatid ko?” seryosong tanong niya.

“Yup.”

Nalukot ang mukha niya. “Kaya pala.”

“Kaya pala...?”

“Kaya pala ang bait-bait mo. Dahil naaawa ka sa akin.”

“Right.” Napatango ito. “I gave in and kissed you last night kasi naaawa ako sa iyo. Not because you’re beautiful and irresistible. And I’m here right now dahil naaawa pa rin ako sa iyo. Not because I was frustrated last night. I came back and wanted to go on kissing you.” He gazed at her.

The shame she was feeling was slowly fading. Nagawa niyang makipagtitigan dito.

“Are—are you trying to seduce me nang ganito kaaga?”

“Yup. And I’m obviously not as good as you at it.”

Nakagat niya ang pang-ibabang labi. Halo-halo ang emosyon na nadarama niya. In the end ay tumawa siya nang mahina.

“Thanks for making me feel a lot better.”

“So, hindi ka na aalis? I had a feeling na tatakas mo ako kaya inagahan ko ang pagche-check sa iyo.”

“Why convince me to stay? You’d be getting rid of a nuisance.”

“After last night? I think you should at least give me a chance.”

“A chance?”

“To seduce you. Properly.”

She laughed again. Pero bigla siyang natigilan nang mapatingin sa mukha ng lalaki. She felt her throat go dry.

“You can’t be serious.”

“I am.”

“Sigurado ka bang wala kang asawa?” Tumayo siya para tunguhin ang banyo.

“Hundred percent,” he answered from the bed.

“Girlfriend?”

Umikot ang eyeballs nito. “Wala. Swear.”

“Masyado ka pa ring guwapo. I don’t think gusto kong ma-involve sa iyo. Baka may mga stalker ka at bigla na lang nila akong sabunutan kapag mag-isa ’ko,” natatawang sabi niya. She opened the bathroom door and went inside.

“I’m taking the same risk! You’re too beautiful to go out with, you draw too much attention. Isa pa, matapos kitang pagbigyan kagabi, you really owe me one.”

“Pag-iisipan ko,” aniya, nakasilip mula sa likod ng pinto.

“Hihintayin kita sa resto.” Tumayo na ito. “We’ll have breakfast together.”

Be still, my heart, she thought.

Sumandal siya sa isinaradong pinto. Hindi niya ito naramdaman para kay Brix. Para siyang teenager na kinikilig.

“Flowers for you, Ma’am Tanya,” Nell said, smiling. Ito uli ang naka-duty sa reception.

Kunot-noong lumapit siya para abutin ang pumpon ng mga bulaklak. Parang nahuhulaan na niya kung kanino iyon galing.

“Hinihintay n’ya po kayo sa resto,” dagdag ng babae.

Pasimpleng inilapit niya ang ulo para bumulong.

“Puwede bang iwan ko muna ito dito? Mamaya ko na dadaanan. Nakakahiya yata kung dadalhin ko.”

“No problem, Ma’am. Enjoy your lunch.”

“Alam mo, mas excited ka pa sa akin,” dinapigilang komento niya.

“Kasi, Ma’am, ngayon ko lang nakita si Sir Luther na nagbigay ng bulaklak sa babae. Ang sweet!” halos tili nito.

Gan’on talaga pag may balak silang masama sa ’yo, gusto niyang sabihin.

“So, marami siyang idini-date pero ako lang ang binigyan ng bulaklak?”

“Hindi naman marami. Siyempre po, sa guwapo ni Sir, normal lang siguro iyon. Pero iba po kayo. Tingin ko, you’re the one!”

“Makaalis na nga, baka mahawa pa ako sa ’yo,”

paalam niya, nakangiti.

She didn't mention the flowers to Luther nang magka-harap sila. Kiber lang sa kanya kuno. Ang totoo, minsan lang siya nabigyan ng bulaklak—noong huling Valentine's Day, galing kay Brix.

“Parang hindi ka busy,” aniya kay Luther.

Nakapag-umpisa na silang kumain.

“Katatapos lang ng project ko sa Pangasinan, kaya tama lang na nagre-relax ako ngayon.”

“So, tell me about your ex-fiancé na magiging bayaw mo na ngayon.”

“Ang ganda naman ng topic na napili mo,” aniya sa asar na tono bagaman nakangiti.

Nagkibit-balikat ito. “Gusto ko lang malaman kung ano ang nagustuhan mo sa kanya, para meron akong hints.”

Napailing siya. She didn't think he was serious, pero pinagbigyan niya ito.

“Well, Brix is serious. Iyon ang unang nagustuhan ko sa kanya. Napakaseryoso. Napaka-proper. Hindi mo iisiping gagawa ng mali. Napaka-organized. Yeah, that's the perfect word for him. Organized. Pero

gan'on din ako. Planado ang bawat bagay sa buhay niya. Ako rin. So when he suggested we open a joint account bago kami tuluyang lumagay sa tahimik, pumayag ako because I trusted him."

"Are you saying na pera lang ang gusto niya sa iyo?"

"No. Not at all. Guwapo si Brix. Kung pera lang ang kailangan niya, mas maraming babae na mapera at puwede niyang biktimahin. Brix was all right. Everything was all right."

"Then what went wrong?"

"He met my sister."

"You mean she made a play for him?"

"Hindi naman. But I apportion eighty-five percent of the blame to her. It's not her fault really. Then again, she's extremely beautiful. Vibrant, daring—mga qualities na wala sa akin. Tahimik ako at seryoso sa buhay. Nakukuha niya lahat. Damn her, she could have at least left Brix alone," mapait na sabi niya.

"Tanya, gawin mo kayang fifty-fifty ang pagbubunton ng sisi? If Brix really loved you, hindi sana siya bumigay sa kapatid mo."

"Thanks." She glared at him.

“Thanks?” litong tanong nito.

“Thanks for telling me Brix didn’t really love me.”

Napakamot ito sa ulo. “Hindi sa gan’on. Perhaps...”

“Alam mo, nakakawalang-gana itong pinag-uusapan natin. Kung lovelife mo kaya ang i-dissect ko?”

“Lalo kang mawawalan ng gana,” tumatawang sagot nito.

“How about pag-usapan na lang natin kung gaano kasarap magluto ang cook n’yo?”

“Kung pag-usapan kaya natin kung kelan natin itutuloy ang sinimulan natin kagabi?”

“Very funny,” she answered sarcastically. The look he gave her sent shivers down her spine. Why hadn’t she felt this way before? With Brix, she was just... content. Never this exciting, suffocating feeling.

Ito rin ba ang naramdaman nina Brix at Cynthia sa piling ng isa’t isa? Kung ganoon, naiintindihan na niya nang unti-unti ang mga ito. Did Brix feel this way toward her sister? Desire too great, attraction too powerful to be controlled...

Tell Me You Love Me - Jasmine Han

Careful, sita niya sa sarili. This is so not you. Hindi ka pamilyar sa teritoryong ito kaya magdahan-dahan ka.